# Drug cleared barangay sa QC, dumarami!

Tumaas na sa 59 mga barangay ang kinilalang drug cleared barangay ng QC Drug Abuse and Advisory Council (QCDAAC) nitong Agosto 2019.

Ayon kay QCDAAC Chair at Vice Mayor Gian Sotto, ang pagdami ng bilang ng mga barangay na drug cleared ay bunga ng pinaigting na kampanya ng lungsod kontra illegal drugs.

Sa 16, 000 anyang mga drug surrenderees sa QC may mahigit 3, 000 na ang nagsipagtapos sa drug interventions ng lungsod. May mahigit 300 naman ang kinakanlong sa Tahanan Drug rehabilitation Center.

Sinabi ni Sotto na kasama na ngayon ang pamilya sa programa ng QCDAAC upang mabigyang pagkakataon ang mga drug users na maiwasan ang paggamit sa illegal drugs at makapagbagong buhay para sa kanilang pamilya.

Inamin naman ni Sotto na hirap din nilang mapasok ang mga gated subdivision para matiyak na walang nakakapasok na illegal drugs dito.

Sa ngayon anya bukod sa mga interventions na naipagkakaloob sa mga drug surrenderees ay handa rin ang kanyang tanggapan na mas palawakin pa ang pagtulong sa kanilang pamilya tulad ng pagkakaloob ng livelihood trainings kasama ang NGO, skills training ng Tesda, kaalaman sa basic business management at mabigyan ng puhunan at may pagkakitaan ang pamilya. *(Angie dela Cruz)*